

Pagkabalisa sa Pagsasalita Gamit ang Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Piling Paaralan sa Zamboanga Peninsula

Daniela Monique B. Dela Torre¹, Bertly James N. Tarroza², Charmagne Ross C.

Arquiza³, Aprille Dawn Nicole E. Garingalao⁴ & Felixberto C. Labastilla⁵

^{1,2}(College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines) ^{3,4}(Master of Arts in Education Major in Language Teaching (Filipino), Western Mindanao State University, Philippines) ⁵(Filipino Department, Western Mindanao State University Philippines)

ABSTRACT: In the past two decades, there has been a lot of research regarding second language or foreign language anxiety. This study aims to reveal the factors affecting speaking anxiety using the Filipino language among students in selected schools on the Zamboanga Peninsula. The researcher used a “descriptive research design,” which used questionnaires or survey questionnaires to collect data. The participants in this study were 30 teachers from junior high schools in some selected schools in Zamboanga City. Based on the collected results and data, the researchers present the following conclusion: From the 30 respondents, junior high school teachers were the evaluators of the students’ speaking performances. It appears from the indications that there is speech anxiety, which is possessed by every student involved in the study. It simply indicates that feeling anxious about speaking is only natural and inevitable for a speaker to feel. This is reflected in his behavior while performing. In this reality, as teachers, it is necessary to have a wide awareness and understanding of every feeling of anxiety when speaking to students. It can also be seen from the data gathered that when the student feels anxiety, which can be seen in his performance behavior, it affects his overall performance, which can cause low marks according to the standard.

Keywords - Anxiety, Language, Speaking, Reading, Filipino

ABSTRAK: : Sa nakalipas na dalawang dekada, nagkaroon ng napakaraming pananaliksik sa pangalawang wika o pagkabalisa sa wikang banyaga. Ang pag-aaral na ito ay may layuning maipakikita ang mga salik sa pagkabalisa sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino ng mga mag-aaral sa piling paaralan sa Zamboanga Peninsula. Gumamit ang mananaliksik ng “Descriptive Research Design”, na gumamit ng talatanungan o survey questionnaires para sa paglikom ng mga datos. Ang kalahok sa pag-aaral na ito ay 30 guro mula sa Junior High School sa ilang piling paaralan sa Lungsod ng Zamboanga. Batay sa nakalap na resulta at datos, ang mga mananaliksik ay ilalahad ang sumusunod na konklusyon. Mula sa 30 respondante na mga guro sa Junior High School na siyang naging evaluator ng mga mag-aaral sa kanilang pasalitang performans. Lumalabas na, sa mga indikasyon na nagpapahiwatig na mayroong pagkabalisa sa pagsasalita lahat ay tinataglay ng bawat mag-aaral na kasangkot sa pag-aaral. Ipinapahiwatig lamang nito na ang pagkadama ng pagkabalisa sa pagsasalita ay natural lamang at hindi maiiwasan na pakiramdam ng isang tagapagsalita. Ito ay nasasalamain sa kanyang gawi habang nagtatanghal. Sa katotohanang ito, bilang mga guro ay kinakailangan ng malawak na kamalayan at pag-unawa sa bawat nararamdamang pagkabalisa sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Makikita rin sa datos na nakalap, na kapag ang mag-aaral ay nakararamdam ng pagkabalisa na makikita sa gawi ng kanyang pagtatanghal ay naapektuhan nito ang kabuoang performans na maaaring magdulot ng mababang marka ayon sa pamantayan.

Mga susing salita: Filipino, Pagbasa, Pagkabalisa, Pagsasalita, Wika,

I. PANIMULA

Sa nakalipas na dalawang dekada, nagkaroon ng napakaraming pananaliksik sa pangalawang wika o pagkabalisa sa wikang banyaga. Ang pagsasalita ay maaaring interpretahin bilang paglahad ng mga salita na may kahulugan bilang isang paraan ng komunikasyon. Ang ganitong uri ng komunikasyon ay mahalaga para sa mga tao upang makumpleto ang kanilang mga pangangailangan sa paglilipat ng mga ideya, mensahe, opinyon at impormasyon. Para sa ilang mga tao, ang pag-master ng sining ng pagsasalita ay mahalagang bagay sa pag-aaral ng wika. Kadalasan, sinusukat ng mga tao ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wikang banyaga sa pamamagitan ng kanilang kakayahan sa pagsasalita.

Ang pagsasalita ay ang kakayahang maisagawa ang kaalamang pangwika sa aktwal na komunikasyon. Kaugnay nito kapag ang mga tao ay natututo ng Ingles, dapat ay may kakayahan silang gamitin ito para sa komunikasyon, lalo na sa pagsasalita dahil ang isa sa mahalagang tungkulin ng pasalitang wika ay *transactional* upang maghatid ng impormasyon sa panlipunang komunidad. Sa karagdagan ay naglalarawan na ang pagsasalita ng wikang banyaga ay hindi madali dahil ang oral na komunikasyon ay nangangailangan ng kakayahang magamit ang wika nang naaangkop sa isang pakikipag-ugnayan sa lipunan. Higit pa rito, tinukoy na ang pagsasalita bilang isang interaktibong proseso ng pagbuo ng kahulugan sa panahon ng pakikipag-ugnayan.

Sa kabilang dako naman, ang pagkabalisa ay tumatalakay sa pakiramdam ng pag-aalala at halata sa personal na katibayan tulad ng pagtatago, mabilis na tibok ng puso, at hindi malinaw na pakikipag-usap bilang epekto ng kawalan ng katiyakan ng kakayahan sa pagsasalita. Ang pagkabalisa ay hindi lamang kinakaharap ng mga mag-aaral na mababa ang kasanayan kundi pati na rin ang mga mag-aaral na may mataas na kasanayan.

Ang kahusayan at pagganap ng mga mag-aaral ay mga salik na may kaugnayan sa pagkabalisa sa pangalawang wika. Ang mataas na antas ng pagkabalisa sa pangalawang wika ay nakaiimpluwensya sa pangamba sa komunikasyon na nagiging sanhi ng mga mag-aaral na ayaw makipag-usap.

Kaugnay nito, makatutulong ang isinagawang pag-aaral ng mga mananaliksik na matugunan ang mga layunin na may kaugnayan sa kasalukuyang sitwasyon. Sa tulong ng pag-aaral na ito, maipakikita ng mga mananaliksik ang mga salik sa pagkabalisa sa pagsasalita gamit ang wikang filipino ng mga mag-aaral sa piling paaralan sa Zamboanga Peninsula.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng pag-aaral tungkol sa Pagkabalisa sa Pagsasalita Gamit ang Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Piling Paaralan sa Zamboanga Peninsula.

1. Ano-ano sa mga indikasyon na nagpapahiwatig ng pagkabalisa sa pagsasalita ang makikita sa mga mag-aaral?
2. Ano-ano sa mga indikasyon ang naglalarawan ng pangkalahatang pagganap o performans sa pagsasalita ng mga mag-aaral?

III. KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Ang bahaging ito ay naglalaman ng akademiko at propesyonal na mga babasahin na may kinalaman sa ginagawang pag-aaral. Nagbibigay ng kaalaman sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral na inilakip upang luminaw ang nais ipabatid ng mananaliksik.

1. Pagsasalita

Ayon sa aklat na Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika (Badayos, 1999), ang pagsasalita, higit sa anumang kasanayan sa wika ay sensitibo sa kontekstong pinanggaganapan nito. Isang katangian ng pagsasalita na kaiba sa pagsulat ay ang pagbibigayan sa pagsasalita (turn taking). Nabanggit din na sa apat na makrong kasanayang nililintang sa pagtuturo ng wika, ang kasanayan ay higit na nakaaapekto sa personalidad ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may tiwala sa sariili at nakaranas na ng kasiyahan sa pagsasalita ang siyang may mataas na motibasyon at handang makipagsapalaran sa pagsasalita. Atubili at nininerbiyos ang halos lahat ng mga mag-aaral kapag naatasang magsalita sa harap ng klase.

1.2 Wikang Filipino

Nakasaad sa Artikulo XIV, Seksiyon 6 ng Pambansang Konstitusyon ng 1987 na “Ang wikang Pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililining, ito ay dapat payabugin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.” Bukod sa pagiging pambansang wika, ang Filipino ay itinatakda rin bilang wikang opisyal at panturo. Ayon kay Virgilio Almario, na nabanggit sa aklat ni Dayag (2016) ang wikang opisyal ay ang itinadhana ng batas na maging wika sa opisyal na talastasan ng pamahalaan. Ang wikang panturo naman ang opisyal na wikang ginagamit sa pormal na edukasyon. Sa pangkalahatan ang wikang Filipino kasama ang Ingles ay ang mga opisyal na wika at wikang panturo sa mga paaralan.

1.3 Pagkabalisa sa Pagsasalita

Ang Second Language Acquisition (SLA) ay isang pangunahing sangay ng Applied Linguistics, na kilala sa pananaliksik at mga kasanayan sa iba pang mga disiplina tulad ng Linguistics, Psychology, at Sociology. Ito ay medyo bago at sariwang lugar ng pananaliksik. Ang mga pag-aaral ng numero sa SLA ay ginawa sa mga institusyong pang-akademiko. Ang larangan ay nasa isang umuunlad na yugto pa rin, at "malayo tayo sa kumpletong teorya ng SLA, ngunit mayroong pag-unlad." (Krashen, 2018; VanPatten, 2017; Gass at Selinker, 2008:1) Bilang interdisciplinary field, pangunahing hinahangad ng SLA na siyasatin ang pagkuha ng bagong wika na lampas sa mother tongue o L1. "Ang Pananaliksik sa Pangalawang Wika ay isang mas malawak na sub-branch kaysa sa pananaliksik sa pagkuha ng unang wika dahil binubuo ito, hindi lamang ang mga progresibong aspeto ng pagkuha ng unang wika, ngunit ang lahat ng aspeto ng wika ng gumagamit ng L2 na nakapaloob sa iba pang mga lugar ng linggwistika at sikolohiya" (Dornyei, 2013; Cook, 2002).

Inilarawan nina Horwitz et al. ang pagkabalisa sa wika bilang isang situation-specific anxiety construct na kadalasan ay hindi nakasalalay sa iba pang mga uri ng pagkabalisa at nailalarawan bilang "mataas na pakiramdam ng kamalayan sa sarili at takot sa paggawa ng mga pagkakamali at isang pagnanais na maging perpekto kapag pagsasalita," habang inilarawan nina Gardner at MacIntyre ang pagkabalisa sa wika bilang pangamba na nangyayari kapag ang isang mag-aaral ng wika ay natututo ng pangalawa o banyagang wika.

Mayroong mga salik na nag-aambag sa pagkabalisa sa wika ng mga mag-aaral, tulad ng pakikilahok sa mga aktibidad sa inspeaking, kawalan ng kakayahang maunawaan ang mga aralin, at pagsusuri bukod sa iba pa, habang ang mga salik na pumipigil ay ang pakikisalamuha o pakiramdam ng communal na koneksyon, pag-set up sa silid-aralan at tungkulin ng guro. Ang pagkabalisa sa wika ay maaaring maipakita sa iba't ibang yugto ng pag-aaral ng wika, mga yugto ng input, pagproseso at output, at ang paglalarawan kung paanong ang pagkabalisa ay nauugnay sa tatlong yugtong ito ay maaaring magbigay ng kaunawaan kung bakit ang mga nag-aaral ng pangalawang wika at mga nag-aaral ng wikang banyaga ay nagdurusa sa mga paghihirap at pagkakamali sa linggwistika.

Dagdag pa nito, ang pagkabalisa sa pagsasalita at pagkabalisa sa pagsulat ay mga pagkabalisa na partikular sa mga kasanayan sa wika na iba sa pangkalahatang uri ng pagkabalisa sa silid-aralan, ibig sabihin ang ilang mga mag-aaral ay maaaring madaling magdusa mula sa pagkabalisa sa anumang klase ng pangalawang wika.

Ang mga mananaliksik at mga teorista ng pangalawang wika ay matagal nang nagkakasundo na ang pag-aaral ng wika at pagkabalisa ay may kaugnayan sa isa't isa. Dagdag pa, ang pananaliksik sa pagkabalisa sa pag-aaral ng wika ay nagpatuloy na may malaking organisasyon at pokus mula nang binuo ni Horwitz, Horwitz at Cope (1986) ang Foreign Language Classroom Anxiety Scale (FLCAS). Ang FLCAS mula noon ay naging pinakalawak na ginagamit na tool sa pagsisiyasat ng pagkabalisa sa pag-aaral ng wika at ang impluwensya nito sa ilang mga variable sa pag-aaral ng wika.

Ayon kay Saville-Troike (2006), ang pagkabalisa ay nakatanggap ng pinakamaraming atensyon sa pananaliksik ng SLA, at ang kakulangan ng Pagkabalisa ay isang mahalagang bahagi ng tiwala sa sarili. Negatibong nauugnay ang pagkabalisa sa mga hakbang sa kahusayan sa pangalawang wika, kabilang ang mga marka na iginawad sa mga klase ng wikang banyaga (Mulyono, 2019). Nangangahulugan ito na ang mas mataas na Pagkabalisa ay may posibilidad na sumama sa mas mababang antas ng tagumpay sa pag-aaral ng pangalawang wika. Bilang karagdagan sa pagtiwala sa sarili, ang pagbaba ng Pagkabalisa ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng higit pang mga pag-uugali sa pakikipagsapalaran o higit pang pakikipagsapalaran. Dagdag pa, nagiging mas nababalisa sila kapag binibigyan ng mga tanong o hinihiling na gumanap sa harap ng klase dahil natatakot silang magkamali at walang pag-iisip na kakayahan.

Ang mga salik at determinant ng mental na kalusugan na nauugnay sa mga karanasang pang-akademiko ay natatangi sa mga mag-aaral. Sa isang malakihang multinasyunal na pag-aaral, ang mga karanasang pang-akademiko na ito ang pinakamalaking salik na nakaapekto sa mga rate ng mga kondisyon sa kalusugan ng isip sa mga mag-aaral (Jones et al., 2018). Ang mga karanasang ito sa kapaligiran ng paaralan at mga aktibidad na may kaugnayan sa paaralan ay nabanggit sa mga nakaraang pag-aaral bilang ang presyon upang magtagumpay, mga kahirapan sa pagsasaayos sa kapaligiran ng unibersidad o kolehiyo, at mga problema sa pagbabalanse ng buhay panlipunan ng isang tao sa mga kinakailangan sa pag-aaral (Beiter et al.,).

Napansin ng mga mag-aaral sa kolehiyo na ang isang malaking kadahilanan na nag-aambag sa mga problema sa mental na kalusugan sa mga mag-aaral ay ang panggigipit na magtagumpay. Ito ay ipinakita sa isang pag-aaral kung saan ang mga mag-aaral ay nakaranas ng malaking pagkabalisa at problema dahil sa presyon ng mahusay na pagganap sa kanilang mga eksaminasyon at ang iba pang nakikipagkumpitensya na mga pangangailangan sa kanilang buhay (Timmins et al., 2011).

Ang isa pang kadahilanan na nag-aambag sa pagkabalisa na nararanasan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ay ang mga problemang nauugnay sa pagkamit ng buhay panlipunan at balanse sa pag-aaral. Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay nagsiwalat na ang mga problemang ito ay nagmula sa kahirapan ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa pag-iiskedyul ng kanilang mga aktibidad sa lipunan at akademiko. Sa partikular, nabawasan nila ang pakikipag-ugnayan sa lipunan, nabawasan ang pagpapakilos ng kanilang suporta sa lipunan sa mga oras ng kahirapan, at mga paghihirap sa pagpapanatili ng mga aktibidad sa paglilibang (Goff, 2011). Ang World Health Organization (1996) ay nagsasaad na ang mga mag-aaral ay dapat maging malusog at emotionally secure upang ganap na makilahok sa edukasyon.

1.4 Measuring Speaking Anxiety

Sa isang banyagang pag-aaral na pinamagatang "*Measuring Speaking Anxiety Among Speech Communication Course Students At The Arab American University Of Jenin (Aauj)*" ni Yahya noong 2013, na naglalayong siyasin ang mga salik na humahantong sa pagkabalisa sa pagsasalita ng mga mag-aaral ng kursong komunikasyon sa silid-aralan na wikang Ingles ang umiiral. Ang tatlong domain na kadalasang nakakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral (mga kadahilanan ng pagkabalisa sa pagsubok, mga kadahilanan ng pagkabalisa sa komunikasyon, at takot sa negatibong feedback na pagkabalisa ay sinisiyasat sa pamamagitan ng isang kilalang panukat (FLCAS) bilang karagdagan sa mas maraming aytem ay idinagdag sa iskala ng mananaliksik. Ang sample ng pag-aaral ay binubuo ng (104) mga mag-aaral sa Arab American University sa Palestine. Ang datos ay sinusuri gamit ang descriptive statistics (means at standard deviation). Natuklasan sa pag-aaral na ang takot sa negatibong feedback ay nakatanggap ng pinakamataas na mean (2.93), na sinundan sa pamamagitan ng pagkabalisa sa komunikasyon (2.80) at pagkabalisa sa pagsubok ay nakatanggap ng pinakamababang mean (2.68). Ang pag-aaral ring ito ay naglatag ng isang bilang ng mga rekomendasyon kung paano mabawasan ang pagkabalisa sa pagsasalita sa silid-aralan ng wikang Ingles sa mga dayuhang mag-aaral.

Ipinakita ng mga pag-aaral na ang emosyonalidad ay nakakaimpluwensya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa isang pag-aaral ni Nadeem at Zaidi (2012), sinuri nila ang epekto ng pagkabalisa sa pangkalahatang pagganap ng estudyante sa unibersidad sa konteksto ng Bahawalpur, Pakistan. Natuklasan sa regressively analyzed data na nagsiwalat na ang pagdami ng pagkabalisa ay humahantong sa maliit na akademikong tagumpay sa mga mag-aaral na may mga sintomas ng pagkabalisa.

Ang stress na may kaugnayan sa akademiko ay maaaring magpapataas ng paggamit ng substance sa mga kabataan. Sa isang sarbey na pag-aaral ng 128 Grade 11 na mga mag-aaral na pumapasok sa mapagkumpitensyang pribadong paaralan sa Estados Unidos, ang mga mag-aaral na nag-ulat na nakararanas ng mataas na stress, partikular na may kaugnayan sa akademikong tagumpay at ang proseso ng pagpasok sa tertiary education ay nag-ulat din ng mataas na antas ng paggamit ng droga at alkohol (Leonard et al., Citation2015). Iniulat ng mga may-akda na ang paggamit ng sangkap ay nauugnay sa isang mas malaking pagnanais para sa akademikong tagumpay, mas mataas na pinaghihinalaang stress, hindi gaanong epektibong mga diskarte sa pagharap, at hindi gaanong malapit sa mga magulang (Leonard et al., Citation2015). Ang hindi rin sapat na tulog sa mga kabataan ay kinikilala bilang isang seryosong panganib sa kalusugan ng American Medical Association at ng American Academy of Sleep Medicine, na nag-uulat na maraming kabataan ang hindi nakakakuha ng sapat na oras ng pagtulog (Owens, Citation2014). Ang karanasan ng mataas na antas ng stress na may kaugnayan sa akademiko ay nagpapataas ng panganib ng mga kabataan na magkaroon ng mga problema sa pisikal na kalusugan.

Sa ibang pag-aaral, ang isang mariing na utos ng pasalita at nakasulat na mga kasanayan sa wikang Ingles ay tiningnan bilang isang pagkakataon sa larangan ng engineering upang sumulong tungo sa pagiging isang pandaigdigang inhinyero (Kassim & Ali 2010). Ang mga pagsisikap na isulong ang kasanayan sa wika sa kabuuan ng kurikulum ay hindi sinasadyang nagdulot ng damdamin ng kaba ng mga teknikal na estudyante kapag nag-aaral ng Ingles (Dannels 2003). Sa larangan ng inhinyero, ang pangangailangan para sa epektibong mga kasanayan sa wikang Ingles ay nag-uudyok sa mga paaralan na gumawa ng pagbabago sa kurikulum na tutugon sa mga kasanayan sa wikang Ingles ng isang 'global engineer' (Riemer 2002, p. 91). Gayunpaman, ang mga epekto ng mga pagsisikap na ito ay bumaba sa mga mag-aaral sa engineering na nakikipaglaban sa pagkabalisa na nagmumula sa pag-aaral ng wika.

IV. METODOLOHIYA

Isang disenyong kwalitatibo ang pag-aaral na ito. Ang ginamit na instrumento ng pag-aaral ay ang Social Performance Scale Other-Reported Version nila Rapee at Lim (1992). Ang iskala na ito ay ginamit upang masuri ang pahiwatig na pagkabalisa sa performans sa pagsasalita mula sa mga panlabas na evaluator. Ito ay binubuo ng 17 na aytem na naglalayong tasahin ang speaking performance ng mga mag-aaral.

Ang kalahok sa pag-aaral na ito ay 30 guro mula sa Junior High School sa ilang piling paaralan ng Lungsod Zamboanga. Sila ang naging evaluator sa pasalitang performans ng mga mag-aaral.

1.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang naisagawang pananaliksik ay gumamit ng deskriptibong metodolohiya ng pananaliksik. Napili ng mananaliksik na gamitin ang "*Descriptive Research Design*", na gumamit ng talatanungan o *survey questionnaires* para sa paglikom ng mga datos. Ang mananaliksik ay naniniwala na angkop ito sa pag-aaral na isinagawa sapagkat mapapadali ang pangangalap ng datos mula sa maraming respondente. Limitado lamang ang bilang ng mga tagasagot sa talatanungan, ngunit ang uri ng disenyong ito ay hindi lamang nakadepende sa dami ng sumagot sa mga talatanungan.

Ang disenyong deskriptibo ay ang nakita ng mananaliksik na magiging mabisa sa pag-aaral na ito upang mas makakalap ng impormasyon na magiging epektibo sa pananaliksik.

1.2 Sampling

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng Purposive Sampling Method bilang paraan ng pangangalap ng datos o impormasyon sapagkat ang mga kalahok sa pag-aaral ay pinili nang maayos na makatutulong sa pag-aaral na matugunan ang mga layunin nito. Ang mga kalahok ay kinabibilangan ng tatlumpu (30) upang maging kapani-paniwala ang resulta ng pag-aaral. Napili ng mga mananaliksik bilang kalahok ang mga guro sa wika sapagkat sila ang makapagbibigay ng wastong tugon para sa mga layunin ng pag-aaral.

1.3 Instrumentong Ginamit

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng instrumento na makatutulong upang bigyang kasagutan ang mga suliranin na inilahad sa mga naunang bahagi ng pananaliksik. Ang talatanungan na pangunahing instrumento sa pananaliksik ay ginawa sa pamamagitan ng sarbey. Ito ay isang talaan ng mga tanong na naglalayong kumuha ng partikular na impormasyon mula sa isang partikular na grupo ng mga tao. Sa pamamagitan ng sarbey na ipinamahagi ay nakapaloob ang tseklist na hinalaw sa pag-aaral ni Rapee, R.M., & Lim, L. (1992) na Discrepancy between self- and observer ratings of performance in social phobics upang mangalap ng datos at impormasyon ayon sa pansariling karanasan at ideya ng mga kalahok. May kabuoang labimpito (17) talatanungan ang naipamahagi kung saan ang lahat ng mga respondente ay hiniling na basahin ang mga pahayag na ibinigay at piliin ang kanilang mga sagot batay sa *4-Point Likert Scale* mula sa 1= Hindi kakikitaan, 2=Di-gaanong kakikitaan, 3= Kakikitaan at 4= Lubhang kakikitaan. Ang instrumentong ito ay itinuturing ng mga mananaliksik na angkop gamitin para sa pananaliksik na ito.

1.4 Pangangalap ng mga Datos

Ang mga mananaliksik ay nangalap ng datos mula sa iba't ibang paaralan sa lungsod ng Zamboanga. Ang pananaliksik na ito ay nagbigay ng etikal na konsiderasyon sa mga kalahok sapagkat lahat ng personal na impormasyon ng mga kalahok ay mananatiling kompidensyal at mananatili ito sa buong pag-aaral. Bukod pa rito ang mga mananaliksik ay naghanda ng consent form upang magsilbing pahintulot sa mga kalahok na ang kanilang mga sagot sa oras ng sarbey ay kompidensyal, at ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo lamang.

1.5 Estadistikang Ginamit

Upang bigyang-kahulugan ang mga datos na nakalap mula sa talatanungan na pinasagutan sa mga kalahok ng pananaliksik gumamit ang mga mananaliksik ng isang kompyutasyong estadistika. Ang mga aytem sa talatanungan ay nakabatay sa General Weighted Mean kung saan ang 1.00-1.99 ay hindi kakikitaan, 2.00-2.99 ay Di-gaano kakikitaan, 3.00-3.99 ay kakikitaan, at ang 4.00 ay lubhang kakikitaan.

Bigat	Katumbas	Interpretasyon
1	1.0 – 1.99	Hindi Kakikitaan
2	2.00 – 2.99	Di-gaanong kakikitaan
3	3.00 – 3.99	Kakikitaan
4	4.00	Lubhang Kakikitaan

V. RESULTA AT DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng paglalahad, pagsusuri, at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap upang malaman at masagot ang mga suliranin sa pag-aaral na ito. Ang mga datos na may katangiang istatistikal ay inilalahad sa talahanayan at tekstwal na presentasyon at ang pagtatalakay ay iniayos sa pagkakasunod-sunod ng suliraning inihayag.

Ang mga sumusunod ay ang resulta na sumasagot sa bawat layunin ng pag-aaral:

1. Ano-ano sa mga indikasyon na nagpapahiwatig ng pagkabalisa sa pagsasalita ang makikita sa mga mag-aaral?
2. Ano-ano sa mga indikasyon ang naglalarawan ng pangkalahatang pagganap o performans sa pagsasalita ng mga mag-aaral?

Ang talahanayan sa ibaba ay ang presentasyon ng *mean interpretation* ng bawat katanungan na sinagutan ng mga guro sa wika.

Mga Tanong	Mean	Adjectival Interpretation
1. Naiintindihan ang nilalaman.	3.17	Kakikitaan
2. Napanatili ang eye contact sa tagapakinig.	3.33	Kakikitaan
3. Nauutal	3.3	Kakikitaan
4. Nagkaroon ng mahabang paghinto higit sa 5 segundo.	3.4	Kakikitaan
5. Nalilito	3.5	Kakikitaan
6. "Um'ed" at "Ah'ed" ng marami.	2.9	Di-gaanong kakikitaan
7. May malinaw na boses	3.47	Kakikitaan
8. Parang nanginginig o nangangatog	3.5	Kakikitaan
9. Pinagpapawisan	3.03	Kakikitaan
10. Namula	3.1	Kakikitaan
11. Kumibot ang mukha.	3.7	Kakikitaan
12. Nanginginig ang boses	3.8	Kakikitaan
13. Nagpakita ng tiwala sa sarili.	3.57	Kakikitaan

14. Nagpakitang kinakabahan	3.77	Kakikitaan
15. Napanatiling interesado ang tagapakinig.	2.4	Di-gaanong kakikitaan
16. Sa pangkalahatan ay nakapagsalita nang maayos.	2.77	Di-gaanong kakikitaan
17. Gumawa ng magandang impresyon.	2.43	Di-gaanong kakikitaan

Legend:

1.0 – 1.99 – Hindi kakikitaan

3.00 – 3.99 - Kakikita

2.00– 2.99- Di- gaanong kakikitaan

4.0 – Lubhang kakikitaan

Ayon sa Talahanayan Bilang 1 na sinagutan ng mga guro, ang nakakuha ng pinakamataas na mean ay ang indikasyon na “Nanginig ang boses na nasa 3.80. Ang nakakuha naman ng pinakamababang mean ay ang indikasyon na “Napanatiling interesado ang tagapakinig. Samantala, ang sumusunod ay ang mga indikasyon na nagpapahiwatig ng pagkabalisa sa pagsasalita ang makikita sa mga mag-aaral: Naiintindihan ang nilalaman (3.17), Napananatili ang eye contact sa tagapakinig (3.33), Nauutal (3.3), Nagkaroon ng mahabang paghinto higit sa 5 segundo (3.4), Nalilito (3.5), May malinaw na boses (3.47), Parang nanginginig o nangangatog (3.5), Pinagpawisan (3.03), Namula (3.1), Kumibot ang mukha (3.7), Nagpakita ng tiwala sa sarili (3.57), at Nagpakitang kinakabahan (3.77).

Makikita sa talahanayan na ang mga sumusunod na indikasyon na nagpapahiwatig ng pagkabalisa sa pagsasalita (Napananatili ang eye contact sa tagapakinig, Nauutal, Nagkaroon ng mahabang paghinto higit sa 5 segundo, Nalilito, "Um'ed" at "Ah'ed" ng marami, May malinaw na boses, Parang nanginginig o nangangatog, Pinagpawisan, Namula, Kumibot ang mukha, Nanginig ang boses, Nagpakita ng tiwala sa sarili, Nagpakitang kinakabahan, Napanatiling interesado ang tagapakinig) ay kakikitaan ang mga mag-aaral.

Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral ni Saputri (2007), ang pinakanaranas na pahiwatig ng pagkabalisa sa pagsasalita ay ang mabilis na tibok ng puso. Bukod dito, ipinahiwatig din ng mananaliksik na nablango sila at nakaligtaan ang mga dapat sabihin sa kanilang pagtatanghal kaya gumawa sila ng mga speech filler habang iniisip kung ano pa ang dapat nilang sabihin. Ang iba pang mga indicator na nahuli sa impromptu speech performance ay ang mahinang boses, hindi malinaw na pagbigkas, hindi kinakailangang paggalaw ng katawan, at tuyong bibig.

Makikita sa talahanayan ang indikasyon na naglalarawan ng pangkalahatang pagganap o performans sa pagsasalita ng mga mag-aaral Naiintindihan ang nilalaman (3.17). Napanatiling interesado ang tagapakinig. (2.4) Sa pangkalahatan ay nakapagsalita nang maayos. (2.77) Gumawa ng magandang impresyon.(2.43)

Nangangahulugan lamang na ang pagkakaroon ng pagkabalisa ay nagdudulot ng negatibong impak sa pangkalahatang performans sa pagsasalita. Hindi napanatili ang interes at nagdudulot rin ng hindi magandang impresyon para sa mga tagapakinig at tagapanood. Gayunpaman, matutunghayan din na kahit may pagkabalisa nagagawa pa ring iparating nang malinaw ang nilalaman o mensahe ng pagsasalita.

Mula sa pag-aaral ni Mukhaiyar (2021), maaaring ipagpalagay na ang mag-aaral ay posibleng maging mahusay sa pagganap kapag siya ay may mababang pagkabalisa sa bawat indicator ng pagkabalisa sa pagsasalita. Bukod dito, ang mga mag-aaral na may dalawang mababa at isang katamtamang antas ng pagkabalisa ay maaaring gumanap nang maayos.

Gayunpaman, ang pagkakaroon ng tatlong mababang antas ng pagkabalisa ay hindi magagarantiya ang mag-aaral upang gumanap nang napakahusay sa pagsusulit sa pagsasalita. Marahil, ito ay dahil sa kasanayan sa pagsasalita, hindi sa pagkabalisa. Sa iba salita, ang isang mag-aaral ay maaaring hindi mag-atubiling magsalita sa isang pagsasalita klase o pagsusulit, ngunit gayon pa man, ang kanyang kahusayan sa Ingles ay isa ng maraming mga kadahilanan na nag-aambag sa kanyang pagsasalitang pagganap.

Ayon sa pag-aaral nina Hutabarat at Simanjuntak (2021), pinipigilan nito ang produktibong pagganap ng mga nag-aaral ng wika habang pinag-aaralan ang target na wika (Hashemi & Abbasi, 2013) at ang pagkabalisa ay maaaring magsanhi ng pagkawala ng pag-asa sa mga mag-aaral ng wika, mawalan ng tiwala sa kanilang mga kakayahan, tumakas mula sa pakikilahok sa mga aktibidad sa klase, at talikuran ang mga kagustuhang matutunang mabuti ang wika. (Na, 2007) Dahil dito, mahalagang malaman na ang pagsasalita ng pagkabalisa ay isang uri ng takot na nagbibigay ng negatibong damdamin sa mag-aaral na nagsisikap na matuto ng wika sa silid-aralan.

VI. KONKLUSYON

Batay sa nakalap na resulta at datos, ang mga mananaliksik ay ilalahad ang sumusunod na konklusyon batay sa mga Indikasyon na Nagpapahiwatig ng Pagkabalisa sa Pagsasalita at Naglalarawan ng pangkalahatang Pagganap o Performance ng mga Mag-aaral mula Junior High School.

A. Ayon sa nalikom na datos, mula sa 30 respondante na mga guro sa Junior High School na siyang naging *evaluator* ng mga mag-aaral sa kanilang pasalitang performans. Lumalabas na sa mga indikasyon na nagpapahiwatig na mayroong pagkabalisa sa pagsasalita lahat ay tinataglay ng bawat mag-aaral na kasangkot sa pag-aaral. Ipinapahiwatig lamang nito na ang pagkadama ng pagkabalisa sa pagsasalita ay natural lamang at hindi maiiwasan na pakiramdam ng isang tagapagsalita. Ito ay nasasalamon sa kanyang gawi habang nagtatanghal. Sa katotohanang ito, bilang mga guro ay kinakailangan ng malawak na kamalayan at pag-unawa sa bawat nararamdamang pagkabalisa sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, sila ay magagabayan nang mabuti upang maipadaloy nang mahusay ang ideya sa kabila ng nararamdamang pagkabalisa. Napatunayan din, sa mga pag-aaral na maraming salik kung bakit nakadarama ng pagkabalisa sa pagsasalita ang isang tao. Gayunpaman, ang mga pahiwatig o palatandaan ng pagkabalisa ay maaaring mabawasan sa tamang paghahanda.

B. Makikita rin sa datos na nakalap, na kapag ang mag-aaral ay nakararamdam ng pagkabalisa na makikita sa gawi ng kanyang pagtatanghal ay naapektuhan nito ang kabuoang performans na maaaring magdulot ng mababang marka ayon sa pamantayan.

VIII. REKOMENDASYON

Isaalang-alang ang lebel ng pagkabalisa ng mga mag-aaral upang masukat ang kanilang performans gamit ang tamang pamantayan. Magkaroon ng maraming mga pagsasanay sa pagsasalita upang malinang ang kanilang kasanayan at kahandaan sa mga dagliang talumpati. Sa pamamagitan nito, ay mahahasa at masasanay sila sa pagsasalita hindi lamang sa loob ng klase maging saanman na nangangailangan ng kanilang kakayahan.

SANGGUNIAN

- [1]. Alkhateeb, H. M. (2014). Reading Anxiety, classroom anxiety, Language Motivation, Reader Self-Perception, and Arabic Achievement of Arab-American students learning Arabic as a second language. *Psychological Reports*, 115(3), 918–931. <https://doi.org/10.2466/11.pr0.115c27z6>
- [2]. Christy, A. P., Jufri, & Mukhaiyar. (2021). The effect of speaking anxiety on students performance in speech class. *Advances in Social Science, Education and Humanities Research*. <https://doi.org/10.2991/assehr.k.210325.043>
- [3]. Darling, A. L., & Dannels, D. P. (2003). Practicing Engineers Talk about the Importance of Talk: A Report on the Role of Oral Communication in the Workplace. *Communication Education*, 52(1), 1–16. <https://doi.org/10.1080/03634520302457>
- [4]. Elaldi, Ş. (2016). Foreign language anxiety of students studying English Language and Literature: A Sample from Turkey. *Educational Research and Reviews*, 11(6), 219–228. <https://doi.org/10.5897/err2015.2507>
- [5]. Foreign language classroom anxiety on JSTOR. (n.d.). www.jstor.org. <https://www.jstor.org/stable/327317>
- [6]. Goff, A. V. (2011). Stressors, academic performance, and learned resourcefulness in baccalaureate nursing students. *International Journal of Nursing Education Scholarship*, 8(1). <https://doi.org/10.2202/1548-923x.2114>
- [7]. Human verification. (n.d.). <https://www.semanticscholar.org/paper/Impact-of-Anxiety-on-the-Academic-Achievement-of-at-Nadeem-Ali/622b522db18af95ad25959f6cf094bd7219c6e10>
- [8]. Ivaska, I. (2017). Motivation, Vision, and Future-Self L2 Images among Students of Nordic and Baltic Languages. *Scandinavian Studies*, 89(1), 115–138. <https://doi.org/10.5406/scanstud.89.1.0115>

- [9]. Jugo, R. (2020) Language Anxiety in Focus: The Case of Filipino Undergraduate Teacher Education Learners Retrieved from <https://rb.gy/tt8lgm>
- [10]. Kassim H., & Ali, F. (2010). English Communicative Events and Skills Needed at the Workplace Feedback from the Industry. *English for Specific Purposes*, 29, 168-182. – References – Scientific Research Publishing. (n.d.). <https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=2384445>
- [11]. Leonard, N. R., Gwadz, M., Ritchie, A. S., Linick, J., Cleland, C. M., Elliott, L., & Grethel, M. (2015). A multi-method exploratory study of stress, coping, and substance use among high school youth in private schools. *Frontiers in Psychology*, 6. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2015.01028>
- [12]. *Metodolohiya sa pagtuturo ng wika: mga teorya, simulain, at istrategya* / *WorldCat.org*. (1999). <https://search.worldcat.org/title/metodolohiya-sa-pagtuturo-ng-wika-mga-teorya-simulain-at-istrategya/oclc/820871086>
- [13]. Nadeem, M., Ali, A., Maqbool, S., & Zaidi, S. U. (2012). Impact of anxiety on the academic achievement of students having different mental abilities at university level in Bahawalpur (Southern Punjab) Pakistan. *International Online Journal of Educational Sciences*. <https://www.acarindex.com/dosyalar/makale/acarindex-1423904276.pdf>
- [14]. Owens, J. (2014). Insufficient sleep in Adolescents and young Adults: An update on causes and consequences. *Pediatrics*, 134(3), e921–e932. <https://doi.org/10.1542/peds.2014-1696>
- [15]. Rapee, R. M., & Lim, L. H. (1992). Discrepancy between self- and observer ratings of performance in social phobics. *Journal of Abnormal Psychology*, 101(4), 728–731. <https://doi.org/10.1037/0021-843x.101.4.728>
- [16]. Rapee, R. M., & Lim, L. H. (1992b). Discrepancy between self- and observer ratings of performance in social phobics. *Journal of Abnormal Psychology*, 101(4), 728–731. <https://doi.org/10.1037/0021-843x.101.4.728>
- [17]. Riemer, M. J. (2002). English and communication skills for the global engineer. Monash University. <https://research.monash.edu/en/publications/english-and-communication-skills-for-the-global-engineer>
- [18]. Saville-Troike, M. (2006). *Introducing Second Language acquisition*. Cambridge Cambridge University Press. – References – Scientific Research Publishing. (n.d.). <https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=1259878>
- [19]. *Second Language acquisition: A Framework and Historical . . . / second-language-acquisition-a-framework-and-historical.pdf* / PDF4PRO. (2020b, April 13). PDF4PRO. <https://pdf4pro.com/view/second-language-acquisition-a-framework-and-historical-6b5ab3.html>
- [20]. *The Psychology of second Language acquisition*. (n.d.). Google Books. https://books.google.com.ph/books/about/The_Psychology_of_Second_Language_Acquis.html?id=2_OdBgAAQBAJ&redir_esc=y
- [21]. The World Health report 1996—fighting disease, fostering development. (1997). PubMed. <https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/9233055/>
- [22]. Timmins, F., Corroon, A. M., Byrne, G., & Mooney, B. K. (2011). The challenge of contemporary nurse education programmes. Perceived stressors of nursing students: mental health and related lifestyle issues. *Journal of Psychiatric and Mental Health Nursing*, 18(9), 758–766. <https://doi.org/10.1111/j.1365-2850.2011.01780.x>